

Abiso Tungkol sa Subsidya para sa Pagpapabakuna Laban sa Influenza ng mga Buntis at Bata sa Nagoya

Upang maiwasan ang sabay-sabay na outbreak ng COVID-19, magbibigay sa Nagoya City ng subsidiya para sa pagpapabakuna laban sa influenza para sa mga sanggol na 6 na buwang taong gulang hanggang sa batang pang-Grade 2 na edad sa elementarya at mga buntis.

Panahon ng subsidiya: Mula Oktubre 15, 2020 hanggang Enero 31, 2021

Mga maaring makatanggap ng subsidiya, Bilang nga beses ng bakuna, Halaga ng subsidiya

Mga sumusunod na taong nakarehistro bilang residente ng Nagoya City sa araw ng pagpapabakuna

Mga maaaring makatanggap	Bilang ng beses ng bakuna (Maaring bigyang subsidiya)	Halaga ng subsidiya
① Mga sanggol (6 na buwan matapos ipanganak) hanggang sa mga batang ang edad ay pang-Grade 2 elementarya <small>[Ang mga batang ipinanganak noong o matapos ng Abril 2, 2012 at 6 na buwang gulang pataas ang edad sa araw ng pagpapabakuna ay maaaring makatanggap]</small>	2 beses	Unang beses 1,000 yen Ikalawang beses 1,000 yen
② Buntis	1 beses	1,000 yen



Mga kailangang dalhin

- Coupon na napunan ng mga kinakailangang impormasyon
(Ang likod ng flyer na ito ay isang coupon)
- Bagay na magpapatunay ng address, pangalan at petsa ng kapanganakan
(Health insurance card, Medical certificate ng bata, atbp.)
- Maternal and child health handbook *Kinakailangan para itala ang pagpapabakuna ng bata.
Ang mga nagbubuntis ay kinakailangan ng bagay na magpapatunay ng kanilang pagbubuntis. (Maaaring gamitin kahit ang medical certificate mula sa doktor, atbp.)

Daloy hanggang sa pagpapabakuna

- ① Matapos kumpirmahin sa website sa ibaba ang mga medikal na institusyong maaring magbigay ng subsidiya, makipag-ugnay dito at mag-reserba ng nais na petsa at oras para sa pagpapabakuna
- ② Punan ang mga kinakailangang impormasyon sa coupon sa likod nitong flyer at isumite sa tanggapan ng medikal na institusyon sa oras ng pagpapabakuna
- ③ Bayaran sa tanggapan ng medikal na institusyon ang singil sa bakunang may binawasan ng 1,000 yen

Tandaan 1) Hindi maaaring makatanggap ng subsidiya para sa pagpapabakuna mula sa mga medikal na institusyong hindi nagbibigay nito.

Tandaan 2) Nag-iiba ang singil sa bakuna depende sa medikal na institusyon.

Tandaan 3) Depende sa medikal na institusyon, may mga hindi maaaring bakunahan dahil sa edad, atbp. kaya mangyaring kumpirmahin ito nang maaga sa nasabing institusyon.

Tandaan 4) Ang coupon ay naka-upload din sa opisyal na website ng lungsod. May mga inihandang coupon sa mga tanggapan ng angkop na medikal na institusyon kaya mangyaring ipaalam kung nalimutan niyo ang inyong coupon sa araw ng pagpapabakuna.

Makipag-ugnayan sa

Nagoya Children and Pregnant Women Influenza Vaccine Subsidy Administration Office
(Nagoya City Health and Welfare Bureau)

TEL 052-972-4381

(9 ng umaga - 5 ng hapon, liban tuwing 12/29 - 1/3, linggo, at pampublikong holiday)

Opisyal na website
ng lungsod

Influenza ng Bata at Buntis sa Nagoya

Hanapin



Pakiusap

Alinsunod sa panawagan ng gobyerno para sa prayoridad na pagbabakuna, pinapakiusapan namin na hangga't maari, ang lahat liban sa mga maaaring makatanggap ng regular na bakuna (mga taong may edad 65 pataas, atbp.) ay magpabakuna pagkatapos ng Oktubre 26.

Tingnan ang likod para
sa coupon

なごや子ども・妊婦インフルエンザ予防接種費用助成

クーポン券

Subisidiya para sa Pagpapabakuna Laban sa Influenza ng mga Buntis at Bata sa Nagoya

Coupon

(なごや子ども・妊婦インフルエンザ予防接種費用助成申込書)

(Form ng aplikasyon para sa Subisidiya para sa Pagpapabakuna laban sa Influenza ng mga Buntis at Bata sa Nagoya)

- Ang mga nais magpabakuna at maaaring makatanggap ng subsididiya ay dapat punan ang mga kinakailangan dito sa coupon at isumite ito sa tanggapan ng medikal na institusyon kung saan isasagawa ang pagbabakuna. Sa pagsumite nito ay mababawasan ng 1000 yen ang inyong babayaran para sa pagpapabakuna. (Mangyaring dalhin ang mga dokumento ng inyong pagkakakilanlan sa araw ng pagpapabakuna.).
- Tingnan sa opisyal na website ng Nagoya City ang mga medikal na institusyong maaaring magbigay ng subsidiya. Ang mga medikal na institusyong hindi nakalista sa website ay hindi maaaring magbigay ng subsidiya kahit na magsumite pa kayo nitong coupon.
- Ang mga kwalipikadong makatanggap ng subsidiya ay ang mga ① Sanggol na 6 na buwang taong gulang hanggang batang ang edad ay pang-Grade 2 sa elementarya [ipinanganak noong o matapos ng Abril 2, 2012 at 6 na buwang gulang pataas sa araw ng pagpapabakuna] (tatawaging "Bata" mula ngayon) at mga ② Nagbubuntis na babae (tatawaging "Buntis" mula ngayon), na mga rehistradong residente ng Nagoya City sa araw ng pagpapabakuna.
- Kung magpapabakuna sa ikalawang beses ang isang bata, kinakailangang muling punan ang coupon na ito (maaaring gumamit ng kopya) at isumite.
- Kung magpapabakuna, mangyaring magtungo sa isang medikal na institusyon upang makatanggap ng mga kinakailangang paliwanag at punan ang form para sa inyong medical history.

(本人等記載欄) 欄内に文字または数字を記入するか、 印をつけてください。

(Espasyo para sa personal na impormasyon) Mangyaring punan ng mga salita o numero o kaya lagyan ng ang mga espasyo sa baba.

接種を受ける人 Taong babakunahan	<input type="checkbox"/> 乳幼児（生後6か月）～小学校2年生相当年齢【子ども】 Sanggol (6 na buwan matapos ipanganak) hanggang sa batang ang edad ay pang-Grade 2 elementarya [Bata] <input type="checkbox"/> 妊娠中【妊婦】 Nagbubuntis [Buntis]	に該当する名古屋市民です。 Residente ng Nagoya City na
接種年月日 Petsa ng pagpapabakuna	____年 ____月 ____日 Taon Buwan Araw	注) 助成対象は令和3年（西暦2021年）1月31日接種分までです。 Tandaan) Ang mga maaaring isubsidiya ay ang mga pagpapabakuna hanggang Enero 31, 2021 lamang.
接種回数 Bilang ng beses ng bakuna	<input type="checkbox"/> 1回目 Unang beses <input type="checkbox"/> 2回目（子どもの場合のみ） Ikalawang beses (Para lamang sa mga bata)	注) 令和2年度中の上限回数（子どもは2回、妊婦は1回）を超える接種については助成対象とはなりません。 Tandaan) Ang mga pagpapabakunang lumagpas sa pinakamataas na bilang ng limitasyon para sa taong 2020 (2 beses para sa mga bata at 1 beses para sa mga buntis) ay hindi maaaring bigyang subsidiya.
フリガナ Furigana		
受ける人の氏名 Pangalan ng tatanggap		
生年月日 Petsa ng kapanganakan	____年 ____月 ____日生 Taon Buwan Araw ・ 1歳以上の方：満 ____ 歳 1 taong gulang pataas taong gulang ・ 1歳未満の方：満 ____ か月 Wala pang 1 taong gulang na buwang gulang	注) 子どもの場合、助成対象となる方は、平成24年4月2日（西暦2012年）以降に生まれた方で、接種日時時点で生後6か月以上の方です。 Tandaan) Ang mga batang maaaring tumanggap ng subsidiya ay ang mga batang ipinanganak noong o matapos ng Abril 2, 2012 at 6 na buwang gulang pataas ang edad sa araw ng pagpapabakuna.
住所 Address	名古屋市 ____ 区 Nagoya City Ward	
(子どもの場合のみ記入) (Punan lamang sa kaso ng bata) 保護者の氏名 Pangalan ng magulang o guardian	(子どもから見た続柄: _____) Relasyon ng bata sa iyo	

※本事業は名古屋市の助成事業であるため、本クーポン券は名古屋市に提出されます。

*Dahil ang serbisyong subsidiyang ito ay mula sa Nagoya City, ang coupon na ito ay isusumite sa nasabing lungsod.

(対象医療機関記入欄) ※ここより下には本人は記入しないでください。

(Espasyo para sa medikal na angkop na medikal na institusyon) *Mangyaring huwag sariling punan ang nasa ibaba.

接種年月日 Petsa ng pagpapabakuna	令和 ____年 ____月 ____日 Taon Buwan Araw
本人確認書類等チェック欄 Pagkupirma ng mga dokumento ng pagkakakilanlan ng aplikante, atbp.	【子ども・妊婦共通】住所・氏名・生年月日を確認できる書類（いずれか一つ） [Para sa bata at sa buntis] Mga dokumentong magpapatunay ng address, pangalan at petsa ng kapanganakan (alinman sa mga ito) <input type="checkbox"/> 健康保険証 <input type="checkbox"/> 子ども医療証 <input type="checkbox"/> 運転免許証 <input type="checkbox"/> 在留カード <input type="checkbox"/> その他 (_____) Health insurance card Medical certificate ng bata Driver's license Residence card Iba pa 【妊婦のみ】妊娠中であることを確認できる書類（いずれか一つ） [Para lamang sa buntis] Dokumentong magpapatunay ng pagbubuntis (alinman sa mga ito) <input type="checkbox"/> 母子健康手帳 <input type="checkbox"/> 医師の診断書 <input type="checkbox"/> その他 (_____) Maternal and child health handbook Medical certificate mula sa doktor Iba pa
所在地 Lokasyon	
名称 Pangalan ng institusyon	
接種医師名 Pangalan ng doktor na magbabakuna	

(対象医療機関の方へ) 多言語版クーポン券は名古屋市が発行しているものであり、正式なものと同様に使用できます。

※助成対象の要件を満たさない方の請求については受理ができません。

※本事業にかかる請求がある場合は、「なごや子ども・妊婦インフルエンザ予防接種費用助成事業実施総括表」に本クーポン券（原本）を添えて、事前に配付した専用封筒（水色）にて毎月10日までに名古屋市へご提出ください（それ以外のものは封入しないでください）。